Alamin Pa Ang Mas Marami Tungkol Sa Paglaki ng Iyong Anak:

# Pagsubaybay at Pagsusuri Habang Lumalaki



Ang mga mahahalagang pangyayari habang lumalaki (kung paano naglalaro, natututo, nagsasalita, kumikilos, o gumagalaw ang isang bata) ay mga bagay na maaaring gawin ng karamihan ng mga bata sa partikular na edad. Ang lahat ng mga maliliit na ay nangangailangan ng parehong pagsubaybay at pagsusuri habang lumalaki upang matulungan ka at ang doktor ng iyong anak, mga guro, at iba pang mga nagbibigay ng serbisyo (provider) na malaman kung ang paglaki ng iyong anak ay nasa tamang landas.

## Pagsubaybay Habang Lumalaki

**SINO:** Ikaw — mga magulang, lolo't lola, iba pang tagapag-alaga

**ANO:** Tingnan ang mahahalagang pangyayari habang lumalaki

**KAILAN:** Mula sa kapanganakan hanggang 5 taon

**BAKIT:** Upang matulungan ka:

- ipagdiwang ang paglaki ng iyong anak
- makipag-usap tungkol sa paglaki ng iyong anak sa mga doktor at mga tagapag-alaga ng bata
- alamin kung ano ang susunod na aasahan
- tukuyin ang anumang mga alalahanin ng maaga

**PAANO:** Gamit ang madali, libreng mga listahan – kuhanin ang sa iyo sa www.cdc.gov/Milestones

## Pagsusuri Habang Lumalaki

**SINO:** Nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan, guro sa maagang pag-aaral ng bata, o iba pang sinanay na tagapagkaloob

**ANO:** Tingnan ang mahahalagang pangyayari sa paglaki

**KAILAN:** Pagsusuri habang lumalaki sa 9, 18, at 30 buwan ng edad

Pagsusuri ng Autismo sa edad na 18 at 24 na buwan

**BAKIT:** Upang malaman:

- kung ang iyong anak ay nangangailangan ng mas marami pang tulong habang lumalaki, dahil hindi ito palaging halata sa mga doktor, tagapag-alaga ng bata, o mga magulang
- kung inirerekomenda ang higit pang mga pagsusuri habang lumalaki

**PAANO:** Gamit ang pormal, napatunayan ng gamit sa pagsusuri – alamin ang mas marami pa sa www.hhs.gov/WatchMeThrive

- Lahat ng maliliit na bata ay nangangailangan ng parehong pagsubaybay at pagsusuri habang lumalaki.
- Ang pinakamahusay na tao na sususbaybay sa paglaki ng iyong anak ay ikaw!

  Ibahagi ang listahan ng mahahalagang pangyayari (milestone) ng iyong anak at anumang kaugnay na impormasyon mula sa mga guro o iba pang nagkakaloob ng serbisyo ng iyong anak sa doktor sa bawat pagbisita ng kalusugan ng bata. Kumpletuhin ang isang mahahalagang pangyayari na listahan sa pamamagitan ng paggamit ng libreng Milestone Tracker app ng CDC mula sa App Store o Google Play, o sa pamamagitan ng pag-imprenta (print) ng isang listahang papel mula sa www.cdc.gov/Milestones.

- Paano kung ang iyong anak ay hindi umaabot sa mga mahahalagang pangyayari (milestone) tulad ng inaasahan?

  Mas kilala mo ng husto ang iyong anak. Kung nag-aalala ka tungkol sa paglaki ng iyong anak, makipag-usap sa doktor ng iyong anak tungkol sa iyong mga alalahanin at magtanong tungkol sa pagsusuri habang lumalaki. Para sa mas marami pang, pumunta sa www.cdc.gov/Concerned.

  Huwag maghintay! Ang maagang pagkilos ay maaaring magdulot ng isang tunay na pagkakaiba..

**Ang paglaki ng iyong anak ay isang paglalakbay. Ang pagsubaybay at pagsusuri ay magpapakita sa iyo ng daan.**

Kumonekta: Tumawag sa 833.903.3972, bisitahin ang HelpMeGrowLA.org, o tanungin ang iyong doktor para sa mas marami pang impormasyon.

---

Help Me Grow LA ay isang pakikipagtulungan sa pagitan ng first 5 la at County of Los Angeles Public Health